# WIKA AT PAGKAMAKABAYAN SA BIRTUWAL NA MUNDO

*by:*
**JAYSON D. CASTILLO**
*Limay National High School*

Naging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral ang social media. Ayon nga sa isang pag-aaral, umaabot sa mahigit sampung oras ang bawat Pilipino na nasa edad 16-64 kung saan karamihan sa mga ito ay kabataan at mag nagsisipag-aral pa. Sa kabila nito, nananatiling mas pinipili ng mga mga mag-aaral na gamitin ang social media sa wikang Ingles sa halip na Filipino. Kung tutuusin, mas maraming pakinabang kung isasa-Filipino nang tuluyan ang mga social media na aplikasyon. Ilan sa mga mahahalagang aspeto na matutulungan nito ay ang oportunidad na matuto ng wika sa interaktibong pamamaraan, mapaunlad ang komunikasyon at bokabularyo sa Filipino, at mapagtibay pa ang pundasyon ng wikang pambansa sa mga kabataan, indikasyon ng pagkamakabayan.

Oportunidad na mas matuto sa interaktibong pamamaraan. Interaktibo at nakaaaliw ang social media katulad ng Facebook, Instagram, at Tiktok. Napakarami ang naaaliw sa mga bidyo at sayaw na nandoon pati na ang mga babasahin at mga post mula sa mga kaibigan sa birtuwal na mga aplikasyong katulad nito. Kung ito ay nasa wikang Filipino, mas makukuha ng mga gumagamit ang silbi ng mga salita kung nasasalin sa Tagalog, halimbawa. Mas magiging interes din ng mga mag-aaral kung ang mga artikulo at sanaysay na mababasa sa social media ay pawang nasa wikang Tagalog (Bacor, 2018).

Mapaunlad ang komunikasyon sa sariling wika. Ang pakinabang na ito ay napakahalaga lalo na at mas matuto ng iba't ibang salita sa lokal na wika ang mga mag-aaral. Kung lilimiin ang konteksto ng wika sa pakikipagkomunikasyon gamit ang social media, kapansin-pansin na tila ba nalilimitahan ang mga salitang nalalaman ng mga kabataan lalo na kung ang wikang ginagamit sa aplikasyon ay nasa Ingles. Nakababahala na kung

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

minsan, hindi alam ng isang mag-aaral ang salin sa sariling wika ng ilang mga salitang nasa Ingles gayong simpleng salita lamang ang mga ito. Nakatutuwang isipin na habang nasisiyahan ang mga mag-aaral at nakikihalubilo sa iba sa birtuwal na pamamaraan ay napapayabong nila ang mga salitang nalalaman nila.

Mapagtibay ang pundasyon ng Filipino sa bawat kabataan. Sa huli, panalo ang kabataang Pilipino kung magiging Filipino ang opisyal na wika para sa social media sa Pilipinas (Impulse Digital, 2016). Tulad ng motibasyon ng asignaturang Rizal, mas mapagliliyab nito ang pagnanasa ng mga Pilipino na pahalagahan ang aspeto ng nasyonalismo at pagmamahal sa sariling atin.

Kung susumahin, ang simpleng pagsasalin ng social media sa Filipino ay napakalaking bagay na para sa mga kabataang mag-aaral. Hindi lamang ito usapan ng pagpapayabong ng pusong makabansa kundi isang diskurso patungkol sa pagpapayaman ng wika habang pinapalawig ng mga mag-aaral ang bilang ng mga nagiging kaibigan sa social media.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Bacor, B. (2018). Filipino at Social Media: Paano Natin Mabibigyang Lalim? Nakuha noong ika-20 ng Hunyo 2022 sa www.medium.com

Impulse Digital (2016). Paggamit ng Lokal na Wika sa social media. Nakuha noong ika-20 ng Hunyo 2022 sa www.theimpuksedigital.com